



# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-29 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## IBALIK ANG INYONG BALOTANG PANGKOREO SA ISANG PINAGKAKATIWALAANG SOURCE

Dahil mayroon na lamang mahigit sa isang linggo ang natitira para bumoto, ipinapaalam ng opisina ng Tagapagrehistro na mahigit 40,000 mga nakarehistrong botante na nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya ang binotohan na ang kanilang balota para sa Ika-6 ng Abril na Espesyal na Eleksyon. Mahigit sa 13% iyon ng 300,000+ na mga botante.

Pinapaalala sa inyo ng opisina ng Tagapagrehistro na maaari kayong gumawa ng mga desisyon sa pagboto at kumpletuhin ang inyong balotang pangkoreo mula sa inyong tirahan nang kumportable at ligtas. Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa [pinagkakatiwalaang source](#).

Maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, hindi na kailangan ng postage, o sa isa sa maraming convenient na mga [mail ballot drop-off location](#) sa buong distrito simula Ika-29 ng Marso. Hanapin ang pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng pagbisita sa [online locator tool](#) ng Tagapagrehistro.

Siguraduhing bisitahin ang [website](#) ng bawat lokasyon para sa mga oras ng operasyon bago pumunta para ibalik ang inyong balota. **Ang mga mail ballot drop-off location at opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Miyerkules, Ika-31 ng Marso para sa obserbasyon ng Cesar Chavez Day.**

Kung ida-drop off ninyo ang inyong balotang pangkoreo ito ay dapat matanggap sa o bago ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-6 ng Abril. Kung mas maagang matanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas maagang mapoproseso ito para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Kung nais ninyong bumoto nang in-person ang opsyong iyon ay available din. Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa [Kearny Mesa](#) ay bukas para sa



COUNTY OF SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-29 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

maagang pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes.

Ang inyong [itinalagang lugar ng botohan](#) at opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas sa Araw ng Eleksyon, Ika-6 ng Abril, mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Maging [handa](#). Dalhin ang inyong face mask at planuhin na panatilihin ang social distance.

Ang mga nakatira lamang sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya ang maaaring bumoto sa Ika-6 ng Abril na eleksyon. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado sa Ika-6 ng Abril, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

